

1

“I give up! Hay naku, Marie! Kung gusto mong makahanap ng boyfriend, huwag kang masyadong mapili. Aba’y ang gusto mo yata’y si *Superman*, eh!” naiinis na pangaral ni Jeanice habang inaayos ang mga nakakalat na papel sa lamesa nito. “Ang bait-bait na nga n’ung tao, hindi mo pa din nagustuhan! I swear, Richard is the last guy to suffer your insensitivity. Stop na ako sa paghahanap ng makaka-date mo.”

“Para namang hindi mo kilala iyang kaibigan natin?” natatawang sabat ni Lara. “Masyadong pihikan! Kaya ’ayan, beinte siete na’y hindi pa din nagkaka-boyfriend.”

“Gaano ba kasi kataas ang standards mo at hindi maabot ng mga lalaking ipinakikilala namin sa iyo?” tanong ni Rosalia habang hindi inaalis ang mga mata sa computer at patuloy sa pagtatrabaho.

Nanghahaba ang nguso ni Marie sa inis sa mga kaibigan pero pinili niyang huwag magsalita. Lagi na lamang ganito ang scenario sa kanilang opisina kada umaga kapag may date siya nang nakaraang gabi. Ano ang magagawa niya kung kahit isa sa mga lalaking inirereto ng mga ito ay wala siyang

magustuhan?

Sa edad niyang beinte siete ay hindi pa siya nagkakanobyoy. Hindi dahil sa walang nanliligaw sa kanya. Maganda siya at matalino. Marami rin ang nagkakandarapang maging girlfriend siya. Ang problema, manhid yata ang puso niya.

Noong una ay bale-wala sa kanya na wala siyang matipuhan, pero nang tumuntong siya ng beinte siete nang hindi nagkaka-boyfriend kahit isa ay medyo kinabahan na siya. Hindi niya pinangarap na tumandang dalaga!

“Baka naman gusto mong sagutin ang tanong ni Rosalia, Sis?” putol ni Jeanice sa kanyang pag-iisip. “Aba’y mas mataas pa yata sa *Tower of Babel* iyang standards mo!”

Naiiling na ibinaba niya ang dokumentong hawak at humarap sa mga kaibigan. “Hindi mataas ang standards ko.”

“Really?” sabay-sabay na tanong ng tatlo pagkatapos ay sabay-sabay ring tumawa.

Pigil ang inis na nagpaliwanag siya sa mga ito. “They’re nice, gentlemanly at may hitsura din naman... pero pakiramdam ko may kulang. Parang may hinahanap ako na wala sa kanila pero hindi ko

alam kung ano.”

“Ano ba kasing hinahanap mo?” tanong ni Lara

“Hindi ko nga alam,” frustrated na sagot niya. “Kung alam ko lang, eh, baka ipina-advertise ko na ’yon sa pinakamalaking billboard sa *EDSA*! Alam n’yo namang inip na inip na ’kong makilala si Mr. Right ko.”

Nagbaba’t taas ang mga kilay ni Lara sa sinabi niya. “Puwede ba namang hindi mo alam kung ano’ng gusto mo?”

Sumabat pa si Rosalia. “Mismo. Paano mo malalaman na nahanap mo na kung hindi mo alam kung ano talaga iyong hinahanap mo? Come on, Marie, hindi biro ang mag man-hunting. Nauubusan na kami ng lalaking ipapakilala sa iyo.”

“Ah, basta, alam kong darating din siya. And when that time comes, I’ll know it is him dahil mararamdaman ko iyon... may spark!” nangingiti niyang sagot. “Iyong tipong unang tingin ko pa lang sa kanya’y may mararamdaman na akong kakaiba... tapos ganoon din siya sa akin. And when I hear him say he loves me, I’ll know that he meant it... at hindi na siya papayag na magkahiwalay pa kami kahit kailan,” nangangarap niyang dugtong.

“Wake up, Sis! Sa fairytale mo lang makikilala ang prince charming na hinahanap mo,” putol ni Lara. “There is no such thing as love at first sight. If you want love to grow on you, you have to work for it... by choice.”

“In short, nade-develop,” singit ni Rosalia. “Hindi iyong basta mo na lang mararamdaman kapag nakita mo na nga siya.”

Hindi siya nakaimik. Maaaring tama ang mga ito. Sa kanilang apat ay siya ang may naiibang paniniwala pagdating sa pag-ibig. Apat na taon na silang magkakasama bilang staff ng accounting office ng kanilang kompanya at sa loob ng panahong iyon ay lubusan na nilang nakilala ang isa’t isa.

Liberated ang mga kaibigan pagdating sa pakikipagrelasyon, hindi tulad niyang kapanahunan pa ni Maria Clara ang librong sinusunod.

Tumayo si Jeanice at tinapik ang kanyang balikat. Nang-aasar ang tono nito. “Paano ’yan, Sis? Taken na lahat ng prince charming sa fairytale. Kung gusto mo si *Quasimodo* na lang.” Lumabas na ito ng opisina bago pa siya nakapag-react.

Kung puwede lang niya itong batuhin ng puncher ay ginawa na niya sa sobrang inis dito. Pati ilusyon

Finding Prince Charming - Krystal Marie

niya ay sinisira nito. Nagkasya na lamang siya sa pag-irap pagkatapos ay humarap na sa kanyang lamesa para umpisahan ang maghaponing trabaho.

“If that’s the case, I’ll write my own fairytale,” mahina ngunit determinadong bulong niya sa sarili.

“Ano? Ako ang pagtuturuin mo sa mga estudyante mo?” tanong ni Marie sa kapatid na si Mitchel, halata sa boses ang pagrereklamo.

Nang sulyapan niya ang kapatid ay hindi niya mapigil ang maawa rito. Tatlong araw na itong pinahihirapan ng trangkaso at ngayon ay medyo namumutla na, dahilan para hindi ito makapasok sa school kung saan ito nagtuturo.

Hindi problema ng kanyang kapatid ang hawak nitong klase dahil may substitute teacher ang school. Ang inaalala nito ay ang sideline na pagtu-tutor.

“Tutorial lang iyon, Marie. Saka isang bata lang,” inuubong sagot ng kanyang ate. “Pupuntahan mo sa bahay si Christian at doon mo tuturuan. Limang araw lang... para sa linggong ito. Sigurado akong next week magaling na ako.”

“Bakit hindi mo na lang tawagan iyong parents

ng bata at ipaliwanag mong may sakit ka?” Atubili pa rin siya sa ipinagagawa ng kapatid.

“Quarterly exams ngayon. Kailangan ng bata ng tutor.”

“Bakit di mo pakiusapan iyong mga co-teachers mo?”

“Ibinigay ko na nga iyong ibang tutorials ko sa kanila, hindi naman lahat kaya nilang hawakan dahil may mga tinuturuan din sila,” hirap na paliwanag nito. “Si Christian na ang last. Sige na, elementary subjects lang naman iyon. Kayang-kaya mo. Sige na, Marie.”

“May magagawa pa ba ako?”

“Sigurado ka bang hindi ka sasama?” tanong ni Jeanice habang nagmamaneho. Nasa tabi nito si Marie samantalang ang dalawa pa nilang kaibigan ay nakaupo sa likuran. Birthday ng isa nilang officemate at doon tutuloy ang tatlo, inihatid lang siya sa bahay ng batang kanyang tuturuan.

“Next time na lang. Nakapangako ako kay Ate, eh,” maikling sagot niya.

“Sayang naman kung hindi ka makakasama,”

sabi ni Rosalia. “Party iyon, siguradong maraming boylet. Malay mo naroon na ang pinakahihintay mong prince charming.”

“Asa ka pa diyan kay Marie,” nakangusong singit ni Lara. “Kahit ilang boylet ang iharap mo diyan, walang effect.”

Naputol ang iba pang sasabihin ni Lara nang ihinto ni Jeanice ang kotse sa tapat ng isang napakalaking mansion.

“Dito nakatira ang tuturuan ko?” bahagyang nagulat na tanong niya.

“Iyan ang nakalagay na address dito sa papel na bigay mo,” ani Jeanice.

“Sis,” hinila ni Lara ang kanyang braso, “kung may binata diyan pikutin mo na! Magbubuhay reyna ka talaga kapag ganyan kayaman ang mapangasawa mo. Kalimutan mo na iyang ilusyon mong prince charming,” biro nito.

“Heh! Tigilan mo nga ako,” Kunwa’y napipikon niyang sagot. Bumaba siya ng kotse at nag-doorbell. Bumukas ang maliit na pinto at lumabas ang guard. Matapos siyang magpakilala at masigurong iyon ang bahay na pupuntahan ay nagpaalam na siya sa mga kaibigan at pumasok na sa loob.

Sinamahan siya ng isang katulong papasok sa loob ng mansion. Hindi niya mapigil ang humanga sa ganda at rangya ng kapaligiran. Everything around her spoke of elegance and affluence. Kung wala lang siyang tiwala sa sarili ay baka nanliit na siya sa lugar na iyon.

Nang makarating sila sa receiving room ng mansion ay may nakahanda nang merienda para sa kanya. “Maupo muna kayo, Ma’am. Tatawagin ko lang po si Christian,” magalang na paalam ng katulong bago umalis.

Hindi mapigilan ni Marie ang sarili na hindi pagmasdan ang mga magagandang displays roon. Iba’t ibang klase, laki at hugis ng vases ang naroroon. May mga mukhang bago at mayroon ding mukhang antigo, pero ang lahat ay siguradong mamahalin.

Hindi naman masyadong mahilig sa vase ang may-ari ng bahay na ito, halos punuin lang niya ng vase ang buong receiving room!

May ilang picture frames sa di kalayuan. Nilapitan niya iyon at isa-isang tinitigan. Lahat ay kuha ng isang batang lalaki. Marahil ay pito o walong taong gulang ang bata. Sigurado siyang si Christian iyon.

Finding Prince Charming - Krystal Marie

Babalik na sana siya sa kinauupuan nang makita ang isang maliit na frame sa pinakadulo ng lalagyan. Dinampot niya iyon at pinakatitigan ang mukhang naroon.

Ang lalaki sa larawan ay may maamong mga mata na binagayan ng mapupungay na pilik. Bahagyang malaki ang matangos nitong ilong ngunit bumagay iyon sa mukha nito. He had a full lower lip, deliciously inviting.

She inhaled deeply to calm her heart. Daig pa niya ang may banda ng musiko sa dibdib dahil sa bilis at lakas ng tibok niyon habang nakatitig sa maamong mukha ng lalaki.

“He’s my Daddy.”

Nagulat si Marie nang marinig ang batang boses ng isang lalaki. Nang lingunin niya ito ay nakita niya ang batang nasa picture. Ngumiti siya at ibinalik ang picture frame pagkatapos ay humarap sa bata. Pasimpleng kinalma niya ang sarili bago nagsalita.

“Hi! You must be Christian,” nakangiting bati niya. “I’m Marie. Sister ko si Teacher Mitchel mo. May sakit kasi siya kaya ako muna ang magtuturo sa iyo. Do you mind?”

Ngumiti si Christian at lumapit sa kanya. “No, I

don't. You look mabait naman, eh, katulad ni Teacher Mitchel. Will you allow me to eat ice creams too if I got high grades?" inosenteng tanong nito.

Natatawang ginulo niya ang buhok ng bata "Sure. And if you promise to be a good boy, I'll treat you out. Deal?"

Masayang pumalakpak ito. "Deal! I'll be a very good boy."

Natutuwang hinawakan niya ang kamay nito at iginiya ito papunta sa sofa. "Kung ganoon ay mag-umpisa na tayo. Saan ba kayo nag-aaral ni Teacher Mitchel kapag narito siya?"

"Come, I'll show you."

Bago siya nagawang hilahin nito paalis ng receiving room ay muli niyang sinulyapan ang larawan ng lalaki.

Daddy pala siya ni Christian... May bahagyang panlulumo siyang naramdaman.

Pag-uwing pag-uwi sa bahay ay agad tinanong ni Marie si Mitchel tungkol sa daddy ni Christian. Hindi niya magawang alisin sa isip ang lalaki.

"Ate, ano'ng pangalan ng daddy ni Christian?" pasimpleng tanong niya sa kapatid. Ayaw niyang

makahalata ito sa kanyang nararamdaman dahil siguradong hindi siya titigilan nito sa pang-aasar. “Saka ilang taon na?”

“Si Mr. Buencamino? Aidan yata. I think he’s around thirty-two. Bakit?”

“Wala.” Kinuha niya sa cabinet ang thermometer at nilinis iyon ng alcohol. Pagkatapos ay umupo siya sa kama ng kapatid bago muling nagtanong. “Mabait ba iyon? Bakit hindi ko siya nakita kanina?”

“Mabait naman sa palagay ko. Busy kasi lagi si Mr. Buencamino, kaya bihira siyang nasa bahay,” paliwanag nito. “Siya ang nag-aasikaso ng negosyo ng pamilya nila. Ang alam ko, pagkain ang linya ng negosyo nila. Hindi ko lang alam kung anong particular na pagkain. Kawawa nga si Christian, eh, mga katulong lang ang nag-aasikaso sa kanya.”

“Bakit? Nasaan ang asawa niya?”

“Namatay noong ipinanganak si Christian. Pero ang pagkakaalam ko, hindi kasal ang dalawa. Nag-aaral pa kasi iyong babae nang mabuntis ni Mr. Buencamino. Ang balak nila’y magpapakasal pagkatapos nitong mag-aral. “

“Gosh. Napaka-tragic naman.” Hindi niya alam kung bakit parang biglang nakahinga siya nang

maluwag. At kasabay niyang naramdaman ang inis sa sarili. Kahit sobrang laki ng crush niya kay Aidan Buencamino ay hindi pa rin tamang matuwa siya. The woman died, for God's sake!

“Wala ba siyang balak mag-asawa uli? Kumusta na siya ngayon?”

Kumunot ang noo ni Mitchel nang marinig ang tanong niya. “Aba, malay ko. Bakit ba ang dami mong tanong?”

“Wala,” defensive na sagot niya. “Curious lang ako.”

Tinitigan siya nito pagkatapos ay naiiling na nagsalita. “Baka naman may gusto ka sa kanya, ha?”

“Paano ako magkakagusto, eh, hindi pa nga kami nagkikita.”

“Aba, malay ko,” nagdududang sagot nito. “Hoy, Marie! Tigil-tigilan mo ang pag-iilusyon. Maraming lalaki diyan, huwag mo nang pangarapin si Mr. Buencamino.”

“Bakit huwag?” nakangusong tanong niya. Huli na nang maisip niya na nadulas na siyang pinapangarap nga niya ang lalaki.

“Dahil—”

Finding Prince Charming - Krystal Marie

Hindi na naituloy ng ate niya ang sasabihin dahil bigla niyang isinubo ang thermometer sa bibig nito. Natatawang tinapik niya ang pisngi nito. “Ikaw na lang ang tumingin kung may lagnat ka pa, ha? Magluluto lang ako ng hapunan natin.” At tumatawa pa siyang lumabas ng silid.

She sighed. *Aidan Buencamino... kailan kaya kita makikilala nang personal?*

2

“No way! Ayoko. No, no, no!” mariing tutol ni Marie sa mga sinasabi ng kanyang Ate Mitchel. “Ipasusuot mo sa akin iyan? Ate, bigyan mo naman ako ng kahit konting kahihyan!”

“Ano ba’ng nakakahiya dito?” Ininspeksyon nito ang hawak na costume. “Costume party kaya ang pupuntahan natin.”

“Wala sanang masama kung pang-prinsesa or fairy iyang costume na iyan.” Tumayo siya sa kinauupuan at kinuha rito ang costume. “Ano ba kasing naisip mo’t anime pa ang napili mong gayahin?”

Itinaas niya ang damit at nakangiwing pinagmasdan iyon. Kapag sinuot niya ang damit na iyon, siguradong magmumukha siyang anime heroine mula sa *Naruto*.

Ang Parents Teachers Association ng *St. Anthony’s Academy*, kung saan nagtuturo ang kanyang ate, ay taon-taong nag-oorganisa ng isang party upang lubos na magkakilala ang mga guro at magulang ng mga estudyante. Lahat ng mga magulang, estudyante at guro ay imbitado.

Bukas ang kauna-unahang pagkakataon na gagawin iyong costume party. Nang mga nakaraang taon kasi ay semi-formal ang nasabing affair. At dahil malapit na ang Pasko ay naging parang Christmas party na rin iyon ngayon.

Mabuti na lamang at isang linggo na ang nakakalipas mula nang magkasakit si Mitchel. At least, sigurado siyang malakas na ito at hindi na mabibinat pa. Pinilit niya ito na isama siya sa nasabing costume party dahil gustong-gusto niyang makita nang personal si Aidan Buencamino.

Paano naman, sa loob ng isang linggong pagtuturo niya kay Christian ay hindi man lang niya nakita ni anino ng daddy nito. Kahit gaano katagal siya sa mansion ng mga ito ay hindi sila nagpapang-abot. Kung puwede lang makitulog doon ay baka ginawa na niya makita lang ito.

Pumayag si Mitchel na isama siya, ito pa mismo ang naghanap ng kanyang costume. Ang masama lang, mukha siyang sasali sa cosplay kaysa dadalo ng party. Paano na kapag nakita siya ni Aidan sa ganoong ayos?

“Para unique. Malay mo, isa sa atin ang manalong *Queen of the Night* dahil sa costume natin,” natatawang katuwiran ni Mitchel.

Finding Prince Charming - Krystal Marie

Nakangiwing napasulyap siya sa costume nito na nakapatong sa dresser. Parang gusto niyang kilabutan. Yellow ang sa kanya at orange naman ang sa kanyang ate! Hindi kaya magmukha silang neon lights sa party?

“Paano tayo mananalo niyan, eh, para tayong hinugot sa weird na palabas sa TV?”

“Ang dami mong reklamo,” naiinis nang sagot ni Mitchel. “Kung ayaw mong isuot iyan, eh, di huwag kang sumama.”

She rolled her eyeballs. May choice pa ba siya? Kung hindi siya sasama ay baka hindi na niya makita pa si Aidan. Hindi maaaring mangyari iyon! Kung kinakailangang isuot niya ang kahindik-hindik na costume na iyon ay gagawin niya makita lang ito.

“Okay, fine! Isusuot ko na,” determinadong sagot niya.

Ginanap ang costume party sa covered court ng school. Ang simpleng court ay napaganda nang malagyan ng maraming ilaw at bulaklak. Nakatulong din ang magandang pagkakaayos ng catering service na inupahan ng paaralan. May mga lamesang nakapalibot sa mini stage sa harapan.

Finding Prince Charming - Krystal Marie

Nangangalay na ang mga binti ni Marie sa taas ng boots na suot. Hindi na rin siya halos makahinga dahil sa sobrang hapit ng kanyang costume. Bakas na bakas dito ang kanyang mahubog na katawan. Pakiramdam pa niya ay kitang-kita siya ng lahat dahil sa tingkad ng kulay nito. Nangangati na rin ang kanyang anit sa sobrang dami ng gel na inilagay ni Mitchel sa kanyang buhok para patigas at bahagyang patayuin iyon.

Kung hindi lang siya desperadong makita si Aidan ay hinding-hindi siya pupunta roon nang ganoon ang ayos. Pero in fairness, carry niya ang costume na suot. Litaw pa rin ang kanyang ganda at kaseksihan.

Nangangawit na ang kanyang leeg sa paglingon dahil sa paghahanap kay Aidan. Buti na lamang at walang nakaisip sa mga lalaki na magsuot ng maskara, kung hindi ay lalo siyang mahihirapan sa paghahanap.

Ang problema, magdadalawang oras na yata siyang naghahanap ay hindi pa rin niya ito makita. Kinakabahan na siyang baka hindi dumalo ang lalaki.

Makalipas ang isa pang oras ay nanlulumo siyang pumunta sa restroom. Malapit nang matapos ang party ngunit wala pa rin si Aidan. Malungkot na naglakad siya palayo sa kasiyahan. Naghanap siya ng restroom na medyo malayo para makaiwas sa

maraming tao.

Malapit na siya roon nang makarinig ng galit na boses ng isang babae. Huminto siya sa paglalakad, nagdalawang-isip siya kung tutuloy pa ba sa loob o maghahanap na lang ng ibang restroom.

“Dammit! I can’t believe you’re saying that!” Galit na galit ang boses ng umiiyak na babae. Halos sumigaw na ito. May narinig siyang mahinang sagot mula sa kausap nito pero hindi niya iyon naintindihan. “Lahat na ginawa ko para sa iyo. Ano pa ba’ng kulang? You used me!”

“Alam mong wala akong balak makipagrelasyon. Tigilan mo na ang mga kalokohan mo.” Galit din ang boses ng kausap nito. Lalaki.

Tatalikod na sana si Marie para pumunta sa ibang restroom nang magulat sa biglang pagbukas ng pinto at paglabas ng galit na lalaki. Naka-Zorro outfit ito, up to the black mask and hat covering half of his face. Napahinto ito nang makita siya.

Parang namamalikmatang tinitigan ni Marie ang lalaki.

Ang mga mata niya, parang pamilyar. Mapungay ang mga iyon na para bang laging may gustong sabihin. He had sensuous lips that also looked very

familiar. Sayang at nakamaskara ang lalaki, hindi niya makita ang kabuuan ng mukha nito.

Parang tumigil sa pag-iisip ang utak niya, ang tangi niyang gustong gawin ay titigan ang magagandang mata ng lalaki. Nang humakbang ito papalapit sa kanya ay hindi niya napigilan ang paggapang ng kaba sa kanyang dibdib. Waring namamagneto siyang humakbang din palapit dito.

Biglang natauhan si Marie sa malakas na pagbalibag ng pinto. Lumabas doon ang isang babae. Hindi ito naka-maskara kaya kita niya ang magandang mukha nito. Tiningnan lang siya nito at walang anumang hinarap ang lalaki. “Don’t you walk away when I’m talking to you!” galit na sigaw nito.

All the magic she felt slipped away. Siya ang nakaramdam ng hiya sa nakikita kaya tumalikod na siya para umalis. Nakakailang hakbang na siya nang tawagin siya ng lalaki. “Miss, wait!”

Kinakabahang huminto siya at tumingin dito. “Sorry for this. You can use the comfort room, we’re leaving.”

Sasagot sana siya pero naunahan siya ng babae. “No, we’re not. At bakit ka humihingi ng sorry sa kanya? I’m the one who should be receiving your

apologies,” dagdag nito.

“That’s enough, Vina,” mahina ngunit puno ng babalang sabi ng lalaki. “Nakakahiya na ang ginagawa mo.”

Kitang kita niya kung paanong namula ang mukha ng babae sa galit. “At kanino ka nahihiya? Sa babaeng ito?” Tinapunan siya nito ng nakakainsultong tingin bago muling nagpatuloy. “Sa akin ka dapat mahiya. Look at her, she’s not even ashamed of what she’s wearing! That’s the most stupid costume I ever saw!”

Daig pa ni Marie ang sinampal sa tindi ng pagkapahiya. Naningkit ang mga mata niya sa galit, magsasalita na sana siya para tarayan ang babae ngunit naunahan naman siya ngayon ng kasama nito.

“I said stop it.” Hinablot ito ng lalaki sa braso at hinila paalis. Wala itong nagawa kundi ang sumunod. Ni hindi man lang siya nilingon ng dalawa hanggang sa makalayo ang mga ito.

Nagngingitngit na pumasok ng restroom si Marie. Ano ang karapatan ng babaeng iyon para insultuhin siya? Ni hindi niya kilala ang mga ito! Pagkalabas sa cubicle ay tinitigan niya ang sarili sa harap ng salamin.

“Stupid pala, ha?” inis na bulong niya. “Akala

mo kagandahan, mukha namang unggoy! Mukhang leftover ng *Planet of the Apes*! Hmp!”

Habang nagngingitngit ay nahagip ng kanyang mga mata ang isang singsing sa sahi. Dinampot niya iyon at hindi napigilan ang mamangha. It was not just a ring. Diamond ring iyon! Ang singsing ay napapaligiran ng maliliit at makinang na mga bato habang ang pinakaibabaw nito ay natatampukan ng isang malaking diamond. It was elegant. Sigurado siyang mamahalin iyon.

“Mukhang engagement ring,” wala sa loob na nasambit niya.

Hindi niya alam kung bakit ngunit may kakaibang damdaming pumasok sa kanyang dibdib at nagtulak sa kanya na isukat ang singsing. Maybe it was the deep longing in her to find that man who would put such a ring on her finger.

Dahan-dahan niyang isinuot ang singsing sa kanyang left ring finger. Medyo maliit iyon sa kanyang daliri pero pinilit pa rin niyang isuot pagkatapos ay tinitigan.

Kailan kaya ako bibigyan ng ganitong singsing ng aking prince charming? nangangarap niyang tanong sa sarili.

Finding Prince Charming - Krystal Marie

Ang tanong, ipinanganak na kaya rito sa mundo ang inilusyong niyang prince charming? Hindi pa nga niya nahahanap ay nangangarap na siyang mabigyan ng singsing.

Napalis ang ngiti niya sa naisip. Kailangan muna niyang problemahin ang paghahanap kay prince charming bago ang singsing. Ang tanong, sino ang lalaking iyon at saan niya hahanapin?

Sukat doon ay biglang pumasok sa kanyang isip ang lalaking inabutan sa restroom kanina. Bigla ay parang kaharap niya muli ito at tinititigan ang maamong mga mata nito. Unti-unti ang paggapang ng kakaibang kiliti sa kanyang dibdib. Kinikilig siya!

Bigla siyang nakadama ng panghihinayang dahil hindi niya nalaman ang pangalan ng lalaki o nakita man lamang ang buong mukha nito. Kung sa mata at labi pa lang nito ay natulala na siya, ano pa kaya kung makita na niya ang buong mukha nito? Baka himatayin na siya sa sobrang kaba!

He looked very familiar. *His eyes and lips... parang... hindi kaya... hindi kaya siya si Aidan?*

Impossible! Ayon sa kuwento ng kanyang ate, mabait at respetadong tao si Aidan. Hindi nito magagawang manloko o magpaikot ng babae tulad

ng ibinibintang ng babaeng kasama ni 'Zorro' kanina.

Pero...

Ipinilig niya ang ulo at pilit tinanggal sa isip ang lalaki. Sa malas ay lalo lamang luminaw sa kanyang isip ang hitsura nito. Naiiling na hinila niya ang singsing paalis sa kanyang daliri, ngunit...

“Patay...”

Hindi niya matanggal ang singsing!

Sinubukan niyang basain ng tubig ang kamay ngunit wala ring nangyari. Ginamit niya ang handsoap na naroon pero hindi rin iyon nakatulong. Ilang minuto pa niyang pinilit tanggalin ang singsing ngunit masakit na ang kanyang daliri ay suot pa rin niya iyon.

Naiinis na tinitigan niya ang singsing. Paano niya iyon isasauli sa may-ari kung hindi niya ito mahubad?

Nagpasya na siyang lumabas ng restroom. Iuuwi muna niya ang singsing. Kapag natanggal na niya iyon ay ipapabigay niya sa ate niya sa principal para maibalik sa kung sino mang maghanap niyon.

Malapit na siya sa party area nang marinig ang palakpakan ng mga tao at ang pag-welcome sa nanalong *King of the Night*. Hindi niya narinig

Finding Prince Charming - Krystal Marie

ang pangalan ng nanalo kaya nagmadali siya para tingnan na lamang kung sino iyon. Natigil siya sa paglalakad nang makita ang lalaking naka-Zorro outfit na papunta sa stage habang ang mga tao ay masayang nagpapalangkapan.

Nahugot ni Marie ang paghinga. She could not see his face but she felt drawn to him just the same. Kahit sa paraan ng paglalakad at pagdadala nito ng sarili ay alam niyang iba ito sa lahat ng lalaking nakilala niya. Sigurado siyang kung magkikita silang muli ay makikilala niya ito kahit hindi niya nakita nang lubusan ang mukha nito. She would surely recognize the attraction, at least, on her side.

Ang suwerte naman ng magiging reyna mo, Zorro...

“And our Queen of the Night is...”

Tumingin sa paligid si Marie para abangan ang pagtayo ng tatawaging Queen of the Night. Napakasuwerte naman ng babaeng iyon. Sigurado siyang magkakaroon ng ceremonial dance ang king and queen pagkatapos ng awarding.

Biglang sumagi sa kanyang isip na maaaring may asawa at anak na ang Zorro na nasa stage.

“...Miss Marie Dueño!”

Finding Prince Charming - Krystal Marie

Oh, my God! I'm the Queen of the Night?

3

Hindi malaman ni Marie kung tatakbo palayo o magtatago sa ilalim ng pinakamalapit na lamesa. Paanong nangyaring siya ang nanalo?

Parang gusto niyang matulala sa sobrang shock. Hindi lang pala ang kahihiyang dapat niyang alalahanin. Nandoon nga pala ang kanyang king sa harap at naghihintay sa kanya!

Nang tawagin muli ng master of ceremonies ang kanyang pangalan at itapat sa kanya ang spotlight, pasimple siyang huminga nang malalim at lakas loob na ngumiti pagkatapos ay naglakad papunta sa maliit na stage.

Kaya ko 'to..., paulit-ulit niyang pang-uuto sa sarili.

Pilit niyang iniwas ang tingin sa lalaki pero hindi niya mapigil ang pasimpleng pagsulyap dito. Habang tinititigan niya ito ay lalong bumibilis ang tibok ng kanyang puso, kasabay ng paglakas ng hinalang ito at si Aidan ay iisa. How she wished she could remove that mask if only to be sure.

“Congratulations, Miss Dueño. Your costume is

really unique,” bati ng emcee pagkatapos ibigay ang kanyang award.

“Thank you,” nakangiti niyang sagot.

“And now, ladies and gentlemen, let us all give our king and queen of the night a round of applause as they lead the next dance.”

Pakiramdam ni Marie ay nabingi siya hindi dahil sa lakas ng palakpak ng mga tao kundi sa lakas ng tibok ng kanyang puso. Wala pa ring kangiti-ngiti ang lalaki nang inabot nito ang kanyang kamay at igiya siya sa dance floor.

Parang gusto niyang batukan ang sarili dahil hindi niya mapigil ang kiligin habang marahang isinasayaw ng lalaki. Why, she should be over that stage a decade ago. Hindi na bagay sa edad niya ang kiligin pa!

“Bakit ang lamig ng kamay mo? Don’t tell me you’re nervous?”

Beautiful brown eyes... Bakit parang namamalat ang lalaking ito? O baka naman pa-bedroom voice lang? Anyway, nakakakilig pa rin!

“Are you okay, Miss?” tanong ng lalaki nang mapansin ang kanyang pagtulala.

“H-ha?” wala sa sariling tanong niya.”I m-mean... yes. Of course, I’m okay. H-hindi lang ako sanay na maging center of attraction.” She glanced at the people watching them to emphasize her point.

Natawa ang lalaki sa sinabi niya. “Then hindi ka dapat nagsuot ng ganyang outfit. Malayo ka pa lang makakakuha ka na ng atensyon sa sobrang tingkad ng suot mo.”

Kung hindi siya nagulat sa biglang pagbabago ng mood nito ay malamang na nainsulto siya. Paano nito nagawang tumawa pagkatapos maging sobrang seryoso?

“If you don’t stop staring at me soon, I’ll start thinking that you like me.”

Namula ang pisngi niya sa pagkapahiya. Bahagya siyang yumuko para iwasan ang mga mata nito.

“Magagalit si Vina kapag nakitang suot mo ang singsing na iyan.” He sounded amused at the idea.

Gulat na tumingin siya sa lalaki. “Sa girlfriend mo ito? Naku, pasensya na. Napulot ko kasi ito sa restroom kanina. Isasauli ko naman sana kaagad pero hindi ko na matanggal sa daliri ko. Pasensya ka na kung isinuot ko, nagandahan kasi ako kaya hindi ko mapigil ang sarili ko na isukat. Huwag kang mag-

alala, wala akong balak itakbo ang singsing na ito.

“I’m Marie Dueño. Kapatid ako ni Mitchel Dueño, she’s a teacher here. We’d return the ring as soon as I could remove it from my finger. I’m really sorry,” mahabang paliwanag niya. Hindi niya mapigilan ang muling pag-init ng pisngi sa sobrang kahihyan.

Wala na ang ngiti sa mukha ng lalaki nang muling magsalita. Nakatingin ito sa kanya na waring nainip sa haba ng sinabi niya. “Wala akong pakialam kung hindi mo matanggal ang singsing sa daliri mo. You can keep it if you want.”

“Gan’on?” gulat na tanong niya. Hindi siya makapaniwalang basta na lamang nitong ipamimigay ang ganoong klaseng singsing. “Engagement ring yata ito, I’m sure hahanapin ito ng girlfriend mo.”

May halong inis na nang muling magsalita ang lalaki. “As of this minute, wala na akong girlfriend. Binawi ko na nga sa kanya ang singsing na iyan.”

“Gan’on?”

“Wala ka na bang ibang sasabihin kundi ‘gan’on’?” sarkastikong tanong nito. “Keep the ring.”

“I don’t want to keep your ring,” naiinis na sagot niya. May pagkadominante pala ang lalaking ito!

“It’s yours. Itapon mo na lang kung gusto mo.”

Hindi na siya sumagot dahil baka magkapikunan lang sila. Ipababalik na lamang niya sa kanyang ate ang singsing kapag nahubad na niya. Ilang saglit ding tahimik ang lalaki. Nang hindi niya matiis ang katahimikan ay tumingin siya rito para kausapin ito.

Muntik na niyang mahigit ang paghinga nang masalubong ang mga mata nito. She would never forget those eyes even in her sleep. Sa pangalawang pagkakataon ay parang namamalikmata siyang tumitig sa lalaki.

Nagising siya sa pagkatulala nang mamalayang tapos na ang kanta ngunit hindi pa rin siya binibitawan ng lalaki. Sinubukan niyang kumalas sa pagkakahawak nito ngunit lalo lamang siya nitong hinapit. Nag-umpisa na namang uminit ang kanyang mukha, pinagtitinginan na sila ng mga tao pero mukhang wala pang balak ang lalaki na pakawalan siya!

“This is not right...” mahinang bulong nito pagkatapos ay biglang kumalas sa kanya at mabilis na lumakad palayo sa dance floor.

Gulat na napasunod na lamang ng tingin si Marie sa lalaki. Hindi siya makapaniwala, iniwanan siya

Finding Prince Charming - Krystal Marie

nito sa gitna ng dance floor! Wala siyang nagawa kundi bumalik sa sariling upuan. Nakangiti siyang sinalubong ng kanyang ate, halatang tuwang-tuwa dahil sa kanyang pagkapanalo.

Inilibot ni Marie ang tingin sa paligid para hanapin si *Zorro* ngunit hindi na niya ito nakita pa. Muli ay nakadama siya ng hindi maipaliwanag na panghihinayang. Sino ba talaga ang lalaking iyon at ganoon na lang katindi ang atraksyon niya rito?

“I can’t believe you didn’t knew that you were dancing with Aidan Buencamino!” natatawa habang naiiling na sabi ni Mitchel pagdating nila sa bahay.

Tama ang hinala niya! Si Aidan at si *Zorro* ay iisa. She didn’t recognize him but she felt the attraction. Sayang! Bakit naman kasi *Zorro* pa ang napili nitong costume! Hindi tuloy niya natitigan ang mukha nito.

“Ang akala ko pa naman ay kinikilig ka na kanina kasi natupad na ang pangarap mong makaharap si Mr. Buencamino,” nang-aasar na dugtong pa ni Mitchel

“Hindi ko crush ’yun, ’no,” nakairap niyang sagot. Tumayo siya at pumasok ng kuwarto para makaiwas sa pang-aasar ng kapatid. Pero walang awa ang kanyang ate, sinundan pa siya nito at lalong inasar.

“Alam ko na kaya ka sumama sa akin, eh, para makita si Mr. Buencamino. Aminin mo na, Marie. Sobrang obvious na may gusto ka sa kanya.”

“Wala akong gusto sa lalaking iyon,” naiinis na sagot niya

‘Okay, okay. Alam kong hindi ka aamin kahit ano’ng gawin ko sa iyo,” natatawang sagot nito. “Anyway, ano’ng balak mo sa singsing na iyan?” Naikuwento na niya kay Mitchel ang nangyari.

Tinitigan niya ang singsing na nasa kanyang daliri. “I don’t know,” naguguluhang sagot niya. “He gave it to me pero tinanggihan ko. Ibalik mo na lang kapag nahubad ko na.”

“Christmas vacation na kaya. Ang sabi ni Christian, pupunta sila sa probinsiya ng daddy niya at doon magpa-Pasko. Baka after New Year ko na maibalik iyan.”

“Okay lang,” kubit-balikat niyang sagot. Ang totoo ay mas gusto niyang magtagal ang singsing sa kanya. Ngayong alam niyang si Aidan Buencamino ang may-ari niyon ay parang gusto niyang mangarap na kanya ang engagement ring at malapit na silang ikasal. Ano kayang pakiramdam niya kung siya ang maging bride ni Aidan?

“Hoy! Tigilan mo na iyang pangangarap mo at matulog ka na!” sita ng kanyang ate.

“Hindi ako nangangarap, 'no!” asar na sagot niya. Mas maganda pa noong may sakit ito, walang nang-iinis sa kanya.

“Puwes, tigilan mo iyang pagngiti-ngiti mo nang walang dahilan. Mukha kang lukaret!” sagot nito pagkatapos ay lumabas na ng kanyang kuwarto.

Nakalipas na ang Pasko at Bagong Taon nang ipasya ni Marie na tanggalin na ang singsing sa kanyang daliri. Pero dahil sa bakasyon at masaganang okasyon ay tila tumaba siya at lalong sumikip ang singsing. Ang resulta, sumakit na ang kanyang daliri at naubos na ang baby oil na binili niya para makatulong sa pangtanggal sa singsing, suot pa rin niya iyon. Wala ring epekto kahit gumamit pa siya ng sabon. Hindi pa rin maalis ang singsing.

Isang malaking pagkakamali talaga ang hindi agad niya pagtanggal sa singsing at ngayon ay sising-sisi na siya. Parang gusto niyang sakalin ang sarili dahil sa pag-iilusyon na engaged sila ni Aidan.

Ano'ng magagawa ko? Crush na crush ko talaga si Prince Aidan. Saka malay ko bang tataba ako?

Finding Prince Charming - Krystal Marie

Ngayon nga ay lakas loob siyang nag-doorbell sa mansion ng lalaki. She had to explain about being unable to return the ring sooner. Kung papayag ang lalaki ay ipapaputol na lamang niya ang singsing at ipapagawa iyong muli para maibalik niya iyon dito.

Ilang minuto pa ay naghihintay na siya sa malaking receiving room. Hindi niya napigilan ang malapad na ngiti nang makitang tumatakbo si Christian palapit sa kanya. The boy was sweet and kind kaya hindi niya naiwasang mapalapit ang loob dito kahit sa maikling panahong tinuruan niya ito.

“Hello, Christian! Kamusta ka na?” masayang bati niya.

“Hi, Teacher Marie!” Masayang yumakap ang bata sa kanya at humalik pa sa kanyang pisngi. “I’m fine. Why didn’t you come back to visit? You told me you would.”

Bahagya siyang napahiya sa inosenteng panunumbat ng bata. Hinalikan niya rin ito. “I’m sorry. Masyado kasing busy kaya hindi na ako nakabalik.”

“Daddy said you’d be back.”

Napakunot ang noo niya sa narinig. Ini-expect

ba ni Aidan na isasauli niya ang singsing? She smiled inwardly. At least, hindi inisip ni Aidan na itatakbo niya ang singsing nito.

“Paano kayo nagkakilala ni Daddy, Teacher?” nagtatakang tanong ng bata. “You never met him when you were teaching me.”

“Nagkakilala kami sa PTA party last December,” nangingiting sagot niya habang hindi maiwasang maalala ang mga nangyari. “Nasaan nga pala siya?”

“I’m here.”

Biglang tumambol ang kanyang dibdib nang marinig ang lalaking-lalaking boses ni Aidan. God! How could this man turn her heart upside down by simply speaking? Pinigil niya ang mapasinghap nang humarap sa lalaki. Naramdaman niya ang bahagyang panghihina ng mga tuhod. May ilang minuto na rin pala siyang nakatayo sa paghihintay.

“Christian, go somewhere else. May pag-uusapan kami ni Marie.”

“Yes, Daddy.”

Nang tuluyang makaalis si Christian ay saka siya hinarap ni Aidan. “Sit down, Marie.”

“Mr. Buencamino,” panimula niya pagkaupong-

pagkaupo pa lamang. “I’m afraid I have bad news for you.”

Saglit nitong dinaanan ng tingin ang suot niyang singsing pagkatapos ay muling tumingin sa kanyang mukha. “Ano iyon?”

“As you can see, I’m still wearing your ring,” nahihiyang sagot niya. “I gained weight. At lalong hindi ko matanggal.”

“I already gave it to you. It can rot on your finger for all I care.”

Bumangon ang inis sa kanyang dibdib. Bukod pala sa pagiging dominante ay arogante rin ang lalaking ito. “Hindi ko ugaling tumanggap ng mamahaling bagay galing sa isang estranghero. I have every intention of returning this ring. I just... I just can’t remove it.”

“If that’s true, dapat pinilit mo nang mahubad iyan noon pa lang bago ka tumaba,” he said. “But if you insist on returning it to me, very well. Kailan?”

“I would give it to you now. That is, if I could,” pigil ang inis na sagot niya.

“What do you suggest?”

“Kung papayag ka, ipapaputol ko ang singsing

at ipapaayos. That way, maibabalik ko sa iyo ang singsing bago matapos ang linggong ito.”

“Are you insane?” hindi-makapaniwalang tanong nito. “That ring is older than my grandparents, probably worth two hundred to two hundred fifty thousand pesos. Not to mention it’s a family heirloom. Tapos ipapaputol mo?”

Napasinghap si Marie sa narinig. Hindi siya makapaniwalang nakakabit sa katawan niya ang ganoon kamahal na bagay. Paano na lang kung mahold-up siya at makilatis ng holdupper ang halaga ng singsing? Baka putulin nito ang daliri niya makuha lamang iyon! Kinilabutan siya sa naisip.

“Eh, bakit mo ipinamimigay kung ganoon pala ito kamahal?” Kumawala ang tinitimping inis niya sa lalaki. How could he be that trusting? Paano kung mapagsamantalang tao siya? Paano kung itinakbo niya ang ipinagmamalaki nitong family heirloom?

“You probably won’t believe it, but that ring have given me a number of headaches already,” waring pagod na pagod na sagot nito. “In less than a year, pitong babae na ang nagsuot niyan. Pitong engagement na rin ang nasira. Kung puwede lang ay itatapon ko na iyan.”

Finding Prince Charming - Krystal Marie

Lalong nangilabot si Marie sa narinig. “Malas ba ang singsing na ito? Ano’ng nangyari doon sa mga babae? Namamatay ba ang mga nagsusuot nito?” Parang gusto na niyang pumalahaw ng iyak sa sobrang kaba. Baka mamaya ay isinumpa ang singsing na iyon at pati siya ay madamay dahil sa paggiging ilusyonada!

“Seryoso ka ba?” natatawang tanong ng lalaki. “Buhay na buhay ang mga babaeng nagsuot niyan. Ako ang umaatras kaya walang engagement na natuloy.”

“Nagpapatawa lang ako, kumagat ka naman.” Pilit niyang itinago sa pagtataray ang pagkapahiya. “Paano ngayon ’yan? Hindi ko talaga matanggal.”

“I guess you have to lose weight.”

“Give me a month,” nasisiyahang sagot niya.

“Take your time.”

Nang gabing iyon ay laman ng kanyang isip ang sinabi ni Aidan. Ayon dito ay pitong engagement na ang tinalikuran nito. Pitong babae na ang pinangakuan nito ng kasal ngunit hindi itinuloy. Ano kaya ang problema ng lalaking iyon? Kahit may pagkadominante at arogante ito ay naniniwala siyang hindi ito ang tipo na magpapaasa at mananakit sa

bandang huli.

His looks were enough to make him a heartbreaker. Pero tumatanggi ang kanyang puso na maniwala. Alam niya, may dahilan si Aidan kung bakit nito iniwan ang mga babaeng iyon.